BAYAN NG SANTA CRUZ
LAGUNA

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**Bayan ng Santa Cruz**

FILE COPY
DATE: [handwritten initials]

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-9 NG HUNYO, 1999, MIYERKOLES, SA GANAP NA IKA-9:15 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO ............ PANG. PUNONG BAYAN
Tagapangulo
Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. ...... Kagawad
Kgg. Florencio C. Odejar ......... Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez .......... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison ............ Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon ............ Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas ........... Kagawad
Kgg. Edgardo T. Porca ............ Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco ......... Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor ....... Kagawad

DI-DUMALO:

Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan. Kagawad

KAPASIYAHAN BLG. 125-T'99

KAPASIYAHANG HUMIHILING SA KGG. BENJAMIN DIOKNO, KALIHIM NG KAGAWARAN NG BADYET AT PAMAMAHALA NA MAILIPAT SA PHILIPPINE NATIONAL BANK SANGAY NG SANTA CRUZ, LAGUNA ANG IRA (INTERNAL REVENUE ALLOTMENT) NA INILALAGAK SA LAND BANK OF THE PHILIPPINES PARA SA PAMAHALAANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA.

SAPAGKA'T, binigyang-pansin ng pamahalaang bayan ng Santa Cruz, Laguna ang pagkakaroon ng kaluwagan sa pagdedeposito at paglalabas ng pananalapi nito;

KUNG KAYA'T, DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Ricardo B. Ramirez, na pinangalawahan ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

PINAGPASIYAHAN: Na hilingin sa Kgg. Benjamin Diokno, Kalihim ng Kagawaran ng Badyet at Pamamahala na mailipat sa Philippine National Bank ng Santa Cruz, Laguna ang IRA (Internal Revenue Allotment) na inilalagak sa Land Bank of the Philippines para sa pamahalaang bayan ng Santa Cruz, Laguna.

INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Benjamin Diokno, Kalihim, Kagawaran ng Badyet at Pamamahala, Manila, Kgg. Sangguniang Panlalawigan, Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Philippine National Bank, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

[signature]
JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO: [signature]
HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan

PINAGTITIBAY:

[signature]
DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan

SANGGUNIANG BAYAN [...]
RECORDED
BY: [initials]
DATE 6-2[...]
[...]GUNA